

# **Basic English Grammar Workbook**

Preparing Missionaries for the  
American Council on Teaching Foreign Languages (ACTFL) OPIc  
Test and Certification

**Pangunahing Gramatika sa Ingles  
para sa  
Mga Taong nagsasalita ng Tagalog**

**Tagalog**

ANG SIMBAHAN NI  
**JESUCRISTO**  
NG MGA BANAL  
SA MGA HULING ARAW

© 2013 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. Printed in the USA. 3/13. 10956893



Use a pencil to fill in the blanks for this Workbook.

## Gabay sa Pagbigkas

### I. Mga Tunog ng alfabeto sa Ingles

A (ey)	B (bi)	C (si)	D (di)	E (i)	F (ef)
G (gi)	H (eych)	I (ay)	J (jay)	K (key)	L (el)
M (em)	N (en)	O (ow)	P (pi)	Q (kyu)	R (ar)
S (es)	T (ti)	U (yu)	V (vi)	W (dobolyu)	X (eks)
Y (way)	Z (zi)				

### II. Mga Tunog ng Patinig sa Ingles

May limang (5) patinig sa alpabeto. Sa Tagalog, may isa lang na tunog ang bawat patinig. Sa Ingles, higit pa sa isa ang tunog ng bawat patinig. Ang wastong pagbigkas ng mga tunog ng patinig ang basihan kung ang isang tao ay nagsasalita ng may punto o wala.

<u>Patinig</u>	<u>Pagbigkas sa Tagalog</u>
“a”	(“ey” tulad ng <u>bey</u> )
“a”	(“a” tulad ng <u>plato</u> )
“a”	(*)
“e”	(“I” tulad ng <u>si</u> )
“e”	(“e” tulad ng <u>elepante</u> )
“i/y”	(“ay” tulad ng <u>nanay</u> )
“i/y”	(“I” tulad <u>ibon</u> )
“o”	(“o” tulad ng <u>bote</u> )
“o”	(“a” tulad ng <u>pato</u> )
“o”	(“u” tulad ng <u>guro</u> )
“o”	(*)
“u”	(“u” tulad ng <u>una</u> )
“u”	(“yu” tulad ng <u>yungib</u> )
“u”	(*)
“u”	(*)

### Mga Halimbawa sa Ingles

late, pray, say, name, date, ate, main  
ball, want, wash, caught  
fat, dad, man, cat, add, back, ask, at  
me, see, be, she, before, he, sleep  
enter, end, sent, them, bless, help  
kite, fight, mine, ride, kind, why, my  
did, it, with, myth, in, gift, miss, him, sit  
only, go, old, over, most, don't, no, so, both  
got, hot, not, from, on, stop, off, top, often  
broom, cool, food, moon, noon, soon, to, do  
book, good, hood, look, stood, wood,  
duty, flute, student, human, future, music  
use, union, peculiar, uniform  
but, cut, us, sun, under, up, just, run, must  
put, bush, cushion, push

**PAALALA:** Kung inyong mapapansin, ang parehong tunog ng patinig ay maaaring magtaglay ng iba’t-ibang patinig (o kombinasyon ng mga patinig). Ito ang mahirap sa wikang Ingles. Sa maraming pagkakataon, walang tunog sa Tagalog ang maaaring tumulong sa inyo upang malaman ang tamang tunog sa Ingles. Maaari kang tulungan ng isang misyonaryong namula mismo sa Amerika para malaman and tamang tunog at pagbigkas.

### III. Tulong sa Pagbigkas

- Upang mapaghusay ang inyong punto, makinig ng maigi sa pananalita ng mga misyonaryong Amerikano.
- Subukang magpraktis ng pagsasalita na ginagamit ang mga tunog patinig.
- Huwag matakot magsalita ng Ingles!** Lahat ay nagkakamali. **Ang mahalaga ay ang patuloy na pag-praktis sa pagsalita upang mapabuti mo ang iyong punto sa Ingles.**

## ARALIN 1: PANGHALIP, PAWATAS, PANDIWA SA ANGKASALUKUYAN

### I. Personal na Panghalip (Subject Pronouns)

Ang mga personal na panghalip (Subject pronouns) ay may mahalagang ginagampanan sa wikang Ingles. Napakahalaga na **KABISADUHIN ANG MGA PANGHALIP** dahil ito ang magsasabi kung sino ang nagsasalita (hindi ang mga pandiwa) Ang mga “**subject pronouns**” ay palaging nauuna kaysa sa pandiwa.

#### Mga Panghalip

#### \*Subject Pronouns

Ako	Kami	I (ay)	We (wi)
Ikaw	Kayo	You (yu)	You (all) ** (yu) (lahat)
Siya	Sila	He (hi) (lalake) She (shi) (babae)	They (dey)

It (it)

\* Ang mga panghalip (pronouns) ay palaging **pamalit sa mga pangngalan (nouns)**.

\*\* Ginagamit natin ang salitang “all” upang malaman kung ang “you” ay pangmaramihan (plural).

### II. Pandiwang Pawatas (Infinitive Verbs)

Ang **pandiwang pawatas** sa Tagalog ay dinagdagan ng **mag-**, **-um**, o **ma-**. Ito ang inisyal na anyo ng pandiwa.

#### **Halimbawa: maglakad, kumain, matulog**

Sa Ingles, mas madali ang paggawa ng pawatas na pandiwa. Ang kailangan lamang gawin ay lagyan ng pang-ukol na “**to**” sa simula ng pandiwa.

#### **Halimbawa: to walk, to eat, to sleep**

Samakatwid, sa Ingles, kailangan natin ng **dalawang salita** upang mabuo ang pandiwang pawatas, ngunit sa Tagalog ay isa lang. Kung hindi tayo gagamit ng dalawang salita sa Ingles, hindi natin ginagamis anf pandiwang pawatas ng wasteo. Sa Ingles, ang pawatas ay ginagamit sa pagbubuo ng pangkasalukuyang panahunan. Ang pang-ukol na “**to**” ay **tinatanggal** at ang pandiwa ay nasa pangkasalukuyang panahunan na.

### III. Pagbabanghay ng Pandiwa (Verb Conjugations)

- A. Upang magbabanghay sa Ingles, kailangan nating isaulo ng mabuti ang mga personal na panghalip. Kailangan din nating tandaan na ang mga panghalip at mga pandiwang ito sa Ingles ay katumbas ng mga pagbabanghay sa Tagalog.

Sa Tagalog, maaari nating sabihing “gusto namin.” Katulad din sa Ingles, **LUBOS NA MAHALAGA** na sabihin ang panghalip at ang pandiwa, ngunit kailangan lamang na pagbaligtarin ang pandiwa at panghalip. Maari nating sabihing “we want” para sabihing “gusto namin.”

- B. **Sundin ang mga alituntunin** para pagbanghayin ang mga pandiwa sa (present tense) pangkasalukuyang panahunan sa Ingles.

1. **To want:** Nangangahulugang **gustuhin**.

2. **I want:** Gusto ko (I = ko, gusto=want)

- C. Parehong paraan ang sinusunod sa iba’t-ibang panghalip. Ito ay ang pagpapalit ng pang-ukol “To” sa **He, She, It, We, You (all) and They**.

#### Halimbawa: To Want (pawatas)

<b>I want</b>	<b>We want</b>
<b>You want</b>	<b>You (all) want</b>
<b>He wants</b>	<b>They want</b>
<b>She wants</b>	
<b>It wants</b>	

- D. **Mga pahayag na tutulong sa atin na mas maunawaan ang pagbabanghay:**

**I want** to eat. (Gusto kong kumain.)

**You want** to see me. (Gusto mo akong makita.)

**We want** to buy it. (Gusto naming bilhin ito.)

**You (all) want** to have it. (Gusto niyong mapasainyo ito.)

**They need** to write. (Kailangan nilang magsulat.)

#### IV. Ang Pangatlong Katauhang Panghalip (The Third Person Pronoun)

- A. Kung pagbabanghayin ang mga pandiwa, ang bagay na kailangan lamang palitan ay ang personal na panghalip. Ang mga pandiwa ay mananatili, maliban na lamang sa **pangatlong katauhang singular. (he, she, it)**, dito, kailangang dagdagan ng “s” ang pandiwa.

**Halimbawa:** (gamit ang lahat ng personal na panghalip):

I want to buy them.	(Gusto <u>kong</u> bilhin iyon.)
<b>You</b> want to go.	(Gusto <u>mong</u> umalis.)
<b>He</b> wants to cook them.	(Gusto <u>niyang</u> lutuin iyon.)
<b>She</b> needs to eat.	(Kailangan <u>niyang</u> kumain)
<b>It</b> comes rapidly.	(Dumarating <u>ito/iyon</u> ng mabilis.)
<b>We</b> need to sleep.	(Kailangan <u>nating</u> matulog.)
<b>You</b> (all) need to go.	(Kailangan <u>niyong</u> umalis lahat.)
<b>They</b> eat often.	(Kumakain <u>sila</u> ng madalas.)

- B. Kung ang pandiwa ay **nagtatapos sa: -sh, -ch, -x, -s, -c, -z**, kailangan mong magdagdag ng “s” at “es” **sa pangatlong katauhang panghalip.**

Halimbawa:	to teach (magturo)	He teaches.
	to wash (maghugas)	She washes.
	to relax (magpahinga)	It relaxes.
	to press (pumindot)	He presses.

- C. Kung gagamit ng pandiwang: “to go” (punta) at “to do” (gawin), kailangan nating tandaan na dagdagan ng “es” **pangatlong katauhang singular.**

Halimbawa:

<b>GO</b>		<b>DO</b>	
I <b>go</b>	We <b>go</b>	I <b>do</b>	We <b>do</b>
You <b>go</b>	You (all) <b>go</b>	You <b>do</b>	You (all) <b>do</b>
He <b>goes</b>	They <b>go</b>	He <b>does</b>	They <b>do</b>
She <b>goes</b>	"	She <b>does</b>	"
It <b>goes</b>	"	It <b>does</b>	"

- D. Iba kung gagamit ng pandiwang “to have” (have = magkaroon). Upang pagbanghayin ito sa pangatlong panauhin, gamitin ang salitang “has” sa halip na “have”.

Halimbawa:	I <b>have</b>	We <b>have</b>
	You <b>have</b>	You (all) <b>have</b>
	He <b>has</b>	They <b>have</b>
	She <b>has</b>	“
	It <b>has</b>	“

**V. Listahan ng mga karaniwang Pandiwang pawatas (Infinitive Verbs) o mga salitang gumagamit ng salitang “to” + ang karaniwang anyo ng pandiwa (to + base form of the verb).**

<b>to baptize</b>	(binyagan)	<b>to need</b>	(kailanganin)
<b>to be</b>	(maging)	<b>to pray</b>	(magdasal)
<b>to buy</b>	(bumili)	<b>to read</b>	(magbasa)
<b>to come</b>	(pumunta)	<b>to say</b>	(sabihin)
<b>to cook</b>	(magluto)	<b>to see</b>	(makita)
<b>to do, make</b>	(gawin)	<b>to sell</b>	(ibenta)
<b>to drink</b>	(uminom)	<b>to sing</b>	(kantahin)
<b>to eat</b>	(kainin)	<b>to sleep</b>	(matulog)
<b>to get</b>	(kunin)	<b>to take</b>	(kunin)
<b>to go</b>	(umalis)	<b>to talk, speak</b>	(magsalita)
<b>to have</b>	(magkaroon)	<b>to teach</b>	(magturo)
<b>to know</b>	(alamin)	<b>to want</b>	(gustuhin)
<b>to learn</b>	(matutunan)	<b>to work</b>	(gawin)
<b>to like</b>	(magustuhan)	<b>to write</b>	(magsulat)
<b>to meet</b>	(makita)	<b>to walk</b>	(maglakad)

**GAWAIN: Isalin ang mga sumusunod na mga pangungusap sa Ingles.**

1. Gusto kong sumulat ng dalawing liham.                    5. Kumakanta kami ng himno.

2. Kailangan niyang (babae) kumain ng mas marami.

6. Nag-aaral sila ng Ingles.

3. Mayroon siyang (lalake) magandang bahay.

7. Nagtrabaho ako araw-araw.

4. Si John ay nagpunta sa United States.

8. Ikaw ay nagtitinda ng mansanas.

**Sauluhin ang mga sumusunod na pang-abay at gumawa ng mga pangungusap gamit ang mga ito. Gumamit ng iba’t-ibang personal pronouns (Halimbawa: I/ako, you/ikaw, we/tayo, us/tayo, he (she)/siya).**

## **ARALIN 2: PANTULONG NA PANDIWA (AUXILIARY VERB) NA “TO DO” SA PANGKASALUKUYAN (PRESENT TENSE)**

### **I. Pagbabanghay ng pandiwang pantulong na “to do”**

<b>I do</b>	<b>We do</b>
<b>You do</b>	<b>You (all) do</b>
<b>He <u>does</u></b>	<b>They do</b>
<b>She <u>does</u></b>	“ ”
<b>It <u>does</u></b>	“ ”

### **II. Anyong Patanong na may Pantulong na Pandiwang “Do” at “Does”**

**A. Pangungusap:** **I WANT TO WRITE LETTERS.**  
(Gusto kong sumulat ng mga liham.)

**B. Sundin ang mga panuntunan:**

1. Tingnan sa itaas ang pagbabanghay ng salitang “to do”.
2. Ilagay ang pandiwang pantulong na “do” sa simula ng pangungusap gamit ang malaking titik.
3. Maglagay ng tandang pananong (?) sa dulo ng pangungusap.

**C. Halimbawa:** **DO I WANT TO WRITE LETTERS?**  
(Gusto ko bang sumulat ng liham?)

**D.** Parehong proseso ang sinusunod sa pagsusulat ng ganitong uri ng pangungusap. Lagi lamang tatandaan ang paggamit ng tamang pandiwang pantulong o “auxiliary verb” sa gagamiting personal na panghalip. (Tandaan na nagbabago lamang ang pandiwang pantulong sa mga personal na panghalip na **he**, **she**, at **it** – mga halimbawa ng pronoun na third person singular.)

**Iba pang halimbawa:**

We want to write letters.	(Gusto nating sumulat ng liham.)
<b>Do</b> we want to write letters?	(Gusto ba nating sumulat ng liham?)
She wants to write letters.	(Gusto niyang sumulat ng liham.)
<b>Does</b> she want to write letters?	(Gusto ba niyang sumulat ng liham?)
They want to write letters.	(Gusto nilang sumulat ng liham.)
<b>Do</b> they want to write letters?	(Gusto ba nilang sumulat ng liham?)

**PAALALA:** Tandaan na kung gagamit ng pantulong na pandiwa na “does” sa tanong (na tumutukoy sa he, she, it), dapat tanggalin ang “s” sa pangunahing pandiwa.

<b>Halimbawa:</b> She <u>wants</u> a new house.	(Gusto niya ng bagong bahay.)
Does she <u>want</u> a new house?	(Gusto niya ba ng bagong bahay?)
He <u>likes</u> to play tennis.	(Gusto niyang maglaro ng tennis.)
Does he <u>like</u> to play tennis?	(Gusto niya bang maglaro ng tennis?)

## ARALIN 3: ANG PANDIWANG “TO BE”

### I. Pagbanghay ng pandiwang “to be” sa Pangkasalukuyan

I am	We are
You are	You (all) are
He is	They are
She is	"
It is "	"

**PAALALA:** Ang “am” ay lagi lamang kasama ng **I**.  
Ang “is” ay lagi lamang kasama ng **he, she at it**.  
Ang “are” ay maaaring sumama sa iba pang natitirang panghalip.

### GAWAIN: Isalin ang mga sumusunod na pangungusap sa Ingles.

- |                                  |                                   |
|----------------------------------|-----------------------------------|
| 1. Ikaw ay matapat na miyembro.  | 3. Siya ang aking obispo.         |
| <hr/>                            |                                   |
| 2. Ako ay nagsula sa Costa Rica. | 4. Tayo ay magkakapatid (lalake). |
| <hr/>                            |                                   |

### II. Anyong Patanong (Interrogative Form)

**A. Pangungusap:** I AM HAPPY. (Ako ay masaya.)

**B. Sundin ang mga panuntunan:**

1. Hanapin ang pabanghay na anyo (conjugated form) ng pandiwang “to be” (am) at ilagay ito sa unahan ng pangungusap.
2. Maglagay ng tandang pananong (?) sa dulo ng pangungusap.

**C. Halimbawa:**

**I am happy. (Ako ay masaya.) AM I HAPPY? (Masaya ba ako?)**

He is sad.	(Siya ay malungkot.)	Is he sad?
You are tall.	(Ikaw ay matangkad.)	Are you tall?
I am sick.	(Ako ay may sakit.)	Am I sick?

**PAGSASANAY:** Baguhin ang mga sumusunod na pangungusap sa anyong patanong.

- |                             |                           |
|-----------------------------|---------------------------|
| 1. My family is very happy. | 3. I am an honest person. |
| <hr/>                       |                           |
| 2. We are good friends.     | 4. My dad is a smart man. |
| <hr/>                       |                           |

## ARALIN 4: ANG GAMIT NG “THERE IS” AT “THERE ARE”

- I. Upang sabihin ang “mayroon” sa pangkasalukuyan sa Ingles, gumagamit tayo ng dalawang salita:

“There is” kung tumutukoy sa isang pangngalan/simuno (singular subject) sa pangungusap at “There are” kung tumutukoy sa dalawa o higit (plural) pa na pangngalan/simuno sa pangungusap.

A. Halimbawa: **THERE IS A HOUSE ON THAT HILL.**  
(Mayroong bahay doon sa may burol)

**THERE ARE HOUSES ON THAT HILL.**  
(Mayroong mga bahay doon sa may burol.)

**There is** a piece of cake in the refrigerator.  
(Mayroong piraso ng cake sa loob ng refrigerator.)

**There are** two pieces of cake in the refrigerator.  
(Mayroong dalawang piraso ng cake sa loob ng refrigerator.)

**There is** a man on the corner.  
(Mayroong lalaki sa sulok.)

**There are** many men on the corner.  
(Mayroong mga lalaki sa sulok.)

**PAALALA:** Gumagamit tayo ng “mayroon” sa singular at “mayroong mga” sa plural.

- B. Kadalasan ginagamit natin ang mas maikling anyo:

**There is:** There's  
**There are:** There're

**Halimbawa:** **There's** a fly in my soup. (Mayroong langaw sa aking sabaw.)  
**There're** flies in my soup. (Mayroong mga langaw sa aking sabaw.)

- II. Ang pangnagdaang panahunan o nangyari na (Past Tense) ay nabubuo sa paggamit ng pandiwang “to be” sa pangnagdaang panahunan. (**there was, there were**). Walang maikling anyo nito.

- A. Halimbawa:

**There is** plenty of time. (Mayroong maraming oras.)  
**There was** plenty of time. (Mayroong maraming oras.- lumipas na)

**There are** many investigators. (Mayroong maraming imbestigador.)  
**There were** many investigators. (Mayroong maraming imbestigador.-lumipas na)

### **III. Anyong Patanong (Interrogative Form)**

**A. Pangungusap:** THERE'S ONLY ONE APPLE.  
(May isa lamang na mansanas.)

**B. Sundin ang mga panuntunan:**

1. Palitan ang pandiwang “to be” (is, are) sa simula ng bawat pangungusap.
2. Lagyan ng tandang pananong “?” pagkatapos ng bawat pangungusap.

**C. Halimbawa:** There is only one apple. IS THERE ONLY ONE APPLE?  
May isa lamang na mansanas. Isa lamang ba ang mansanas?

There are six elders on the bus. (Mayroong anim na elders sa bus.)  
**Are** there six elders on the bus?

There were many people hurt. (Maraming tao ang nasaktan.)  
**Were** there many people hurt?

#### **PAGSASANAY: Gawing patanong na pangungusap ang mga sumusunod.**

- 
1. There was a “golden” family in that house. 3. There are four books of scripture.
- 
2. There were six discussions to teach. 4. There is only one true church.
- 

### **IV. Negatibong Anyo (Negative Form)**

**A. Pangungusap:** THERE'S AN APPLE ON THE TABLE.  
(May mansanas sa lamesa)

**B. Sundin ang mga panuntunan:**

1. Hanapin ang pandiya (verb) na “to be” (is, are).
2. Ilagay ang “not” pagkatapos ng pandiya (**is not, isn't**)

**TANDAAN:** \*Pagkatapos ng negatibong anyo na “**isn't**,” kailangang gumamit ng “**a**” or “**an**” at pagkatapos ng nagatibong anyo na “**aren't**,” kailangang gumamit ng “**any**” o “**a number**” bago ang pangngalan.

**C. Mga Halimbawa:** THERE IS NOT (ISN'T) AN\* APPLE ON THE TABLE.  
(Walang mansanas sa lamesa.)

There **is** money in your wallet. (Mayroong pera sa iyong pitaka.)  
There **isn't** any money in your wallet.

There **were** oranges in the store. (Mayroong mga dalandan sa tindahan.)  
There **weren't** any oranges in the store.

**PAGSASANAY: Palitan ang mga sumusunod na mga pangungusap sa negatibong anyo.**

- 
- |                                  |   |
|----------------------------------|---|
| 1. There's a museum downtown.    | 3. There's a hardware store on 10 <sup>th</sup> Avenue. |
| 2. There were two jewelry shops. | 4. There was a mouse under my bed.                      |
- 

**V. Negatibong Anyong Patanong**

**A. Pangungusap:** **THERE ISN'T AN APPLE ON THE TABLE**  
**(Walang mansanas sa lamesa doon.)**

**B. Sundin ang mga panuntunan:**

1. Hanapin ang kasalungat na anyo ng pandiwang “to be” (isn’t) at ilipat ito sa simula ng pangungusap.
2. Lagyan ng tandang pananong “?” ang dulo ng pangungusap.

**C. Halimbawa: ISN'T THERE AN APPLE ON THE TABLE?  
(Wala bang mansanas sa mesa?)**

There **wasn't** any time left. (**Wala** nang oras na natira.)

**Wasn't** there any time left?

There **aren't** any books in here. (**Walang** mga aklat dito.)

**Aren't** there any books in here?

**PAGSASANAY: Palitan ang mga sumusunod na mga pangungusap sa kanilang negatibong pananong na anyo.**

- 
- |   |                                       |
|---|---------------------------------------|
| 1. There aren't any friendly people here. | 3. There wasn't a doorbell to ring.   |
| 2. There aren't any missionaries here.    | 4. There isn't any milk in the house. |
- 

**GAWAIN: Isalin ang mga sumusunod na mga pangungusap sa wikang Ingles.**

- 
- |  |   |
|--|---|
| 1. Walang timapay sa tindahang ito.    | 5. May apat na pagbibinyag sa ngayon.           |
| 2. Marami bang mga negosyo sa lungsod? | 6. May problema sa mga damit para sa pagbinyag. |
- 
- |  |   |
|--|---|
| 3. May mga pagbibinyag ba sa linggong ito? | 7. May “gintong pamilya” ba sa pamamahay na iyon? |
| 4. Walang mga hayop sa bahay ko.           | 8. Wala bang mga imbestigador sa binyag?          |
-

## **ARALIN 5: PANTULONG NA PANDIWANG MODAL (Auxiliary Modal Verbs) (WOULD, COULD, SHOULD, CAN)**

### **I. Ang mga pantulong na pandiwang modal – would, could, should, can**

#### **A. WOULD (sa Tagalog = “magiging” o “mag-” + pandiwa)**

##### **1. Lagyan ng “would” bago ang pangunahing pandiwa (would walk = maglalakad).**

(Ang mga pantulong na pandiwang modal ay ginagamit bago ang pangunahing pandiwa, kasama ng iba pang mga pandiwa.)

**mag+sasalita: would talk      ma+kikinig: would listen**

**2. Halimbawa:** I like to read.    (Gusto kong magbasa.)  
I would like to read the novel.    (Gusto kong magbasa ng nobela.)

They would have more success if they had more faith.  
(Magkakaroon sila ng tagumpay kung mayroon silang higit na pananampalataya.)

We would be sad if we lost.  
(Magiging malungkot sila kung matatalo tayo.)

#### **B. COULD (malamang, maaari o pwede, kaya)**

1. Ang pandiwang ito ay maaaring magkaroon ng tatlong kahulugan, depende sa kaugnayan nito.

- Maaaring ito ay malamang (potential form) sa kadalasan.
- Maaaring ito ay maaari o pwede kung nakaraan ang tinutukoy nito sa pangungusap. Minsan, makakahanap ka ng mga salita na tumutukoy sa nakaraan:  
kahapon (yesterday), noong nakaraang linggo (last week), etc.
- Nangangahulugan itong “kaya” kapag mayroon tayong salitang “kung” (if) upang ipahiwatig ang kondisyonal na anyo.

2. Lagyan ng “could” bago ang pangunahing pandiwa (**could bring: maaaring magdala**).

**3. Halimbawa:** I **could** bring it tomorrow.  
(Maaari kong dalhin iyon bukas.)

She **could** speak better English last year.  
(Kaya nyang magsalita ng mas mahusay na Ingles noong nakaraan na taon.)

**If we could buy them, we would be happy.**  
(Kung pwede natin itong bilhin, magiging masaya tayo.)

### C. SHOULD (dapat, kailangan)

1. Lagyan ng “**should**” bago ang pangunahing pandiwa.  
**(should come: dapat dumating).**

2. Halimbawa:

They **should** come earlier.  
(Dapat silang dumating ng mas maaga.)

He **should** bring the books.  
(Kailangan niyang dalhin ang mga libro.)

You **should** go home.  
(Kailangan mo nang umuwi.)

### D. CAN (na+ o nakaka+, sa pangkasalukuyang kapanahunan)

1. Lagyan ng “**can**” bago ang pangunahing pandiwa.  
**(I can see: (Nakakakita ako.)**

2. Halimbawa:

I **can** see my house from here.  
(Nakikita ko ang bahay ko mula ditto.)

He **can** read a book.  
(Nakakabasa siya ng libro.)

**PAALALA:** Pagkatapos ng pantulong modal na pandiwa **hindi na mahalaga na gumamit ng infinitibong “to”** kung ang mga pandiwa ay ginagamit kasama ng isa pang pangunahing pandiwa.

**Hindi natin sinasabing:** I can to speak Tagalog.  
**Kailangan nating sabihin:** I **can speak** Tagalog.  
(Nakakapagsalita ako ng Tagalog.)

**Hindi natin sinasabing:** He can to buy the books.  
**Kailangan nating sabihin:** He **can buy** the books. (Nakakabili siya ng libro.)

**PAALALA:** Sa mga pantulong na pandiwa, hindi natin dinadagdagan ng “s” ang pandiwang idinudugtong sa pangatlong katauhan (third person) (**he, she it**):

**Hindi natin sinasabing:** He would reads\_it.  
**Kailangan nating sabihin:** He would read it.

**PAALALA:** Kapag ang pantulong na pandiwa modal ay ginagamit kasama ang pandiwang “to be” bilang pangunahing pandiwa, ginagamit natin ang “be”.

She **can be** nice.

I **could be** sorry.

We **should be** here.

**PAGSASANAY:** Palitan ang mga sumusunod na pangungusap sa kondisyunal na anyo gamit ang pantulong modal na pandiwa.

1. I like to go fishing. (Would)                          4. He studies for two hours every day. (Could)

- 
2. She is a good actress. (Can)                          5. We love to study English. (Should)

- 
3. My mom reads a lot. (Would)                          6. He rides the bus every day. (Should)

---

## II. Anyong Patanong

**A. Pangungusap: MARY WOULD LIKE TO SELL THEM.**  
(Gusto ni Maria na ibenta ang mga yaon.)

**B. Gawin ang mga panuntunan:**

1. Hanapin ang pantulong na pandiwang modal (**would**).
2. Ilagay ito sa simula ng pangungusap.
3. Lagyan ng tandang pananong “?” sa dulo ng pangungusap.

**C. Halimbawa: WOULD MARY LIKE TO SELL THEM?**

He could ride a bicycle.

Could he ride a bicycle?                          (Kaya ba niyang magbisikleta?)

They should rest more.

Should they rest more?                          (Kailangan ba nilang mas mahabang pahinga?)

Louis can read rapidly.

Can Louis read rapidly?                          (Nakakabasa ba si Louis ng mabilis?)

**PAGSASANAY: Palitan ang mga sumusunod na mga pangungusap sa anyong pananong.**

1. We would like to learn Spanish.                          4. His uncle could take us to Bombay.

- 
2. My dad should visit London.                          5. You should travel to Moscow.

- 
3. Our family can buy them all.                          6. I can run very fast.

---

**ARALIN 6: PANAHUNANG PANGHINAHARAP (FUTURE TENSE)  
GAMIT ANG “GOING TO”**

**I. Ang mahahalagang hakbang upang matutunan ang Panahunang panghinaharap (Future Tense) gamit ang “going to” sa Ingles.**

**A. Pag-aralan mabuti paano pagbanghayin ang pandiwang “to be” (upang imaging):**

I am	We are
You are	You (all) are
He is	They are
She is	"
It is	"

**B. Sundin ang sumusunod na formula upang gawin ang mga pangungusap sa panahunang panghinaharap.**

am  
**Panghalip + is + going to + verb + ibang salita  
are**

**C. Halimbawa:** I + am + going to + cook + beans.  
(Ako + ay + magluluto + ng + monggo.)

She is going to pray tonight.  
(Magdadasal siya mamayang gabi.)

We are going to find many “golden families.”  
(Makakatagpo tayo ng “ginintuang mga pamilya.”)

**PAGSASANAY: Isalin ang mga sumusunod nga mga pangungusap sa wikang Ingles.**

1. Maaalala niya ang kanyang misyon.                  4. Maghahanap kayo ngayong hapon.

- 
2. Magaaral tayo ng dalawang wika.                  5. Maglalakbay sila papuntang Utah.

- 
3. Pag-aaralan kong magsalita ng Ingles nang mas mabuti.                  6. Magsusulat sila ng mga liham.

## II. Anyong Patanong

### A. Pangungusap: HE IS GOING TO CLEAN HIS HOUSE.

(Maglilinis siya ng kanyang bahay.)

### B. Gawin ang mga panuntunin:

1. Hanapin ang pabanghay na anyo ng pandiwang “to be” (is) at ilagay sa simula ng pangungusap.
2. Lagyan ng tandang pananong “?” sa dulo ng pangungusap.

### C. Halimbawa: IS HE GOING TO CLEAN HIS HOUSE?

She is going to go home. (Uwi siya sa bahay.)  
Is she going to go home?

We are going to sing a song. (Uwi siya sa bahay.)  
Are we going to sing a song?

I am going to write a letter. (Magsusulat ako ng isang liham.)  
Am I going to write a letter?

**PAGSASANAY:** Palitan ang mga sumusunod na mga pangungusap sa kanilang negatibong pananong na anyo.

- |                                       |                                      |
|---------------------------------------|--------------------------------------|
| 1. You are going to drink lemonade.   | 3. They are going to win the race.   |
| <hr/>                                 |                                      |
| 2. They are going to find the church. | 4. Mary is going to bake some cakes. |
| <hr/>                                 |                                      |

## III. Negatibong Anyo

### A. Pangungusap: HE IS GOING TO CLEAN HIS HOUSE.

### B. Gawin ang mga panuntunan:

1. Hanapin ang pabanghay na anyo ng pandiwang “to be” (is).
2. Dagdagan ng “not” pagkatapos ng pandiwa. (is not).  
Gamitin ang maikling anyo: **isn't**, **aren't**, **I'm not**

### C. Halimbawa: HE ISN'T GOING TO CLEAN HIS HOUSE.

I am going to pray every day. (Magdadasal ako araw-araw.)  
I'm **not** going to pray every day.

They are going to work tomorrow. (Magtatrabaho sila bukas.)  
They **aren't** (**are not**) going to work tomorrow.

She is going to buy a house. (Bibili **siya** ng bahay.)  
She **isn't** (**is not**) going to buy a house.

**PAGSASANAY:** Palitan ang mga sumusunod na mga pangungusap sa kanilang kabaliktarang pananong na anyo.

- |   |                                    |
|---|------------------------------------|
| 1. You're going to find people to teach.  | 3. I am going to travel to Berlin. |
| 2. Jared and I are going to study harder. | 4. I am going to bring a Bible.    |
- 

#### **IV. Negatibong Anyong Patanong**

**A. Pangungusap: HE ISN'T GOING TO CLEAN HIS HOUSE.**

**B. Sundin ang mga panuntunan:**

1. Hanapin ang negatibo na anyo ng pandiwang “maging” (ay hindi) at ilipat ito sa simula ng pangungusap.
2. Maglagay ng tandang pananong “?” sa dulo ng pangungusap.

**C. Halimbawa: ISN'T HE GOING TO CLEAN HIS HOUSE?**

We aren't going to read a book. (Hindi tayo magbabasa ng aklat.)  
Aren't we going to read a book?

He isn't going to speak to me. (Hindi siya makikipagkusap sa akin.)  
Isn't he going to speak to me?

**PAGSASANAY:** Palitan ang mga sumusunod na mga pangungusap sa kanilang negatibong pananong na anyo.

- |  |                                     |
|--|-------------------------------------|
| 1. This apple isn't going to taste bitter. | 3. She's not going to study Korean. |
| 2. My nieces aren't going to fall asleep.  | 4. We aren't going to understand.   |
- 

**GAWAIN:** Gumawa ng mga pangungusap gamit ang “going to.” Palitan ang bawat pangungusap sa pananong na anyo, sa negatibong anyo, at negatibong anyong pananong.

## **ARALIN 7: PANAHUNANG PANGHINAHARAP (FUTURE TENSE) GAMIT ANG PANTULONG NA PANDIWANG MODAL “WILL”**

### **I. Future Tense (Future Tense) Using the Auxiliary Modal “will”**

Panahunang Panghinaharap (**Future Tense**) gamit ang Pantulong modal “WILL”

A. Pangungusap: **I BUY VEGETABLES EVERY DAY.**

B. Sundin ang mga panuntunan:

1. Hanapin ang pandiwa (**buy**).
2. Ilagay ang “**will**” bago ang pandiwa. (**will buy**)

C. Halimbawa: **I WILL BUY VEGETABLES EVERY DAY.**

He cleans his room. (Naglilinis sya ang kanyang siliid.)  
He **will** clean his room.

They go often. (Madalas silang pumupunta.)  
They **will** go often.

**PAALALA:** Maaari nating gamitin ang maikling anyo ng “will”: **I'll, you'll, he'll, she'll, it'll, we'll, they'll.**

**PAALALA:** Ang pangunahing pandiwa ay nasa pangkasalukuyan at hindi kinakailangang dagdagan ng “s” sa pangatlong personang singular.

**Hindi natin sinasabing:** He will sleeps.  
**Sinasabi nating:** He will sleep.

**PAGSASANAY:** Baguhin ang mga sumusunod na pangungusap sa panahunang panghinaharap gamit ang “will.” Isulat ang maikling anyo nito.

1. I see him every day. 5. We read the Bible often.

2. She likes to buy fruit in this store. 6. He eats a lot of peaches.

3. You write letters on Mondays. 7. They walk every day.

4. They send me money. 8. The sun rises in the morning.

## II. Anyong Patanong

### A. Pangungusap: I WILL BUY VEGETABLES EVERY DAY.

#### B. Sundin ang mga panuntunan:

1. Hanapin ang pandiwang “will” at ilagay ito sa simula ng pangungusap.
2. Maglagay ng tandang pananong “?” sa dulo ng pangungusap.

#### C. Halimbawa: WILL I BUY VEGETABLES EVERY DAY?

I'll sell it. (Ibebenta ko ito.)

**Will** I sell it?

She will clean the house. (Maglilinis siya ng bahay.)

**Will** she clean the house?

They'll go tomorrow. (Pupunta sila bukas.)

**Will** they go tomorrow?

**PAGSASANAY:** Baguhin ang mga sumusunod na mga pangungusap sa anyong patanong.

- 
- |                               |                                 |
|-------------------------------|---------------------------------|
| 1. She'll get the prize soon. | 3. They'll sing again tomorrow. |
| 2. We'll bring it today.      | 4. He'll be here.               |
- 

## III. Negatibong Anyo

### A. Pangungusap: I WILL WRITE A LETTER.

#### B. Sundin ang mga panuntunan:

1. Hanapin ang pandiwang “will”
2. Idagdag ang “**not**” pagkatapos ng pandiwa (**will not**, **won't**).

#### C. Halimbawa: I WILL NOT (WON'T) WRITE A LETTER.

He will eat later. (Siya ay kakain mamaya.)

He **will not** (**won't**) eat later.

I will finish the book. (Ang aklat ay tatapusin ko.)

I **will not** (**won't**) finish the book.

They will be late. (Sila ay mahuhuli.)

They **will not** (**won't**) be late

**PAGSASANAY:** Baguhin ang mga susunod na pangungusap sa negatibong anyo.

1. Ann will buy a new watch.                  3. Peter and I will sell these tools.

- 
2. They'll need to paint it again.                  4. We'll talk to your dad tomorrow.
- 

**IV. Negatibong Anyong Patanong**

**A. Pangungusap: THEY WON'T GO HOME.**

**B. Sundin ang mga panuntunan:**

1. Hanapin ang negatibong anyo ng pandiwang “will” (“won’t”) at ilagay ito sa simula ng pangungusap.
2. Maglagay ng tandang pananong “?” sa dulo ng pangungusap.

**C. Halimbawa: WON'T THEY GO HOME?**

They **won't** study much.  
**Won't** they study much?

(Sila ay **hindi** mag-aaral masyado.)

We **won't** drink it.  
**Won't** we drink it?

(Kami ay **hindi** iinom niyan.)

**PAGSASANAY: Baguhin ang sumusunod na mga pangungusap sa negatibong anyong patanong.**

1. Teresa's parents won't come.                  3. She won't be here soon.

- 
2. We won't be ready in an hour.                  4. They won't go with me.
- 

**GAWAIN: Isalin ang mga pangungusap gamit ang “will”. Baguhin ang bawat pangungusap Sa patanong, negatibo, at negatibong anyong patanong.**

1. Ang pangulo ay babalik mamayang alas singko.

3. Ako ay maghihintay ng bus.

- 
2. Sila ay magkakaroon ng maraming pagkakataon.

4. Kayo ay darating bukas.
-

## **ARALIN 8: PAYAK NA PANGNAGDAANG PANAHUNAN (SIMPLE PAST TENSE)**

### **I. May dalawang uri ng pandiwa sa payak na pangnagdaang panahunan.**

- A. Regular na mga pandiwa:** Nagdaragdag tayo ang “d” sa dulo ng pandiwa kung ito nagtatapos sa “e”, kundi naman ay nagdagdag tayo ng “ed.”

**Mga Halimbawa:**

to close:	<u>closed</u>	to learn:	<u>learned</u>
to love:	<u>loved</u>	to play:	<u>played</u>
to dare:	<u>dared</u>	to climb:	<u>climbed</u>
to use:	<u>used</u>	to open:	<u>opened</u>

**PAALALA:** Ang pagbigkas ng regular na pandiwa ay may tatlong paraan:

**Unang grupo:** Ang mga pandiwang nagtatapos sa isang tunog (voiced). ang pagbigkas natin ang “-ed” tulad ng “d” (voiced).

play - played      open - opened      love - loved

**Ikalawang grupo:** Ang mga pandiwang nagtatapos sa tunog na hindi nabibigkas, ang pagbigkas natin sa “-ed” ay “t” (not voiced).  
help - helped      wish - wished      work - worked

**Ikatlong grupo:** Ang mga pandiwang nagtatapos sa “d” or “t”, ang pagbigkas natin “-ed” ay “ed” (binibigkas ang mga patinig)

start - started      end - ended      attend - attended

**PAALALA:** Upang mas matutunan ang gamit ng mga pandiwa sa pangnagdaang panahunan, tignan ang listahan ng mga **regular** na pandiwa sa pahina 46.

**B. Iregular na mga pandiwa:** Pinapalitan ang buong pandiwa.  
**(Mahalaga na isaulo ang mga ito.)**

**Mga Halimbawa:**

to buy:	<b>bought</b>	to bring:	<b>brought</b>
to catch:	<b>caught</b>	to teach:	<b>taught</b>
to eat:	<b>ate</b>	to say:	<b>said</b>
to come:	<b>came</b>	to go:	<b>went</b>

**PAALALA:** Upang mas matutunan ang gamit ng mga pandiwa sa pangnagdaang panahunan, tignan ang listahan ng mga **irregular** na pandiwa sa pahina 52.

**PAALALA:** Sa pangnagdaang panahunan sa Tagalog, gumagamit tayo ng “dati” o “noon.” Katulad sa Ingles, tuwing nais nating ipahiwatig na ang pangyayari ay nagdaan na, nilalagyan natin ng “used to” bago ang pandiwa.

**Mga Halimbawa:** I used to buy oranges.                           I used to live in Utah.  
(Bumibili ako dati ng dalandan.)                           (Nakatira ako noon sa Utah.)

**C. Pangungusap: I BUY THREE ORANGES.**  
(Ako ay bumili ng tatlong dalandan.)

**D. Sundin ang mga panuntunan:**

1. Hanapin ang pandiwa sa pangkasalukuyang panahunan at palitan ito sa sa pangnagdaan.
2. Ang pangnagdaang panahunan ay hindi nagbabago kung ito ay gamit ng ikatlong tao (third person) na nag-iisa (I bought, he bought)

**E. Halimbawa: I BOUGHT THREE ORANGES.**  
(Ako ay bumili ng tatlong dalandan.)

He wins the game.   (Panalo siya sa laro.)  
He won the game.   (Siya ang **nanalo** sa laro.)

They stand to give the prayer.                           (Sila ay tatayo upang magdasal.)  
They stood to give the prayer.                           (Sila ay **tumayo** upang magdasal.)

## II. Anyong Patanong

**A. Sundin ang mga panuntunan:**

1. Kinakailangan na gamitin ang pantulong na pandiwang “**did**” (pangnagdaan ng pantulong na pandiwang “**do**”)
2. Ilagay ang pandiwang “**did**” sa unahan ng pangugusap.
3. Palitan ang pandiwang “**bought**” sa pangkasalukuyang panahunan (buy).
4. Maglagay ng tandang pananong “?” sa hulihan ng pangungusap.

**B. Halimbawa: DID I BUY THREE ORANGES?**

She ate the apple.   (Kinain niya ang mansanas.)  
Did she eat the apple?  
They came to the house.                                   (Pumunta sila sa bahay.)  
Did they come to the house?  
We opened the door.                                       (Binuksan namin ang pintuan.)  
Did we open the door?

**GAWAIN: Palitan ang mga sumusunod na pangungusap sa anyong patanong.**

1. She wanted to get a soft sofa.                          4. Your cousin and I found it.  

---

  
2. Charles swam in a deep river.                              5. I went to the hospital last week.  

---

  
3. Elaine and I liked to be lazy.                            6. I taught the man a first lesson.  

---

**III. Negatibong Anyo**

**A. Pangungusap: I BOUGHT THREE ORANGES.**

**B. Sundin ang mga panuntunan:**

1. Hanapin ang pandiya (**bought**).
2. Ilagay ang negatibong pantulong na pandiwang “**didn’t**” bago ang pandiya.
3. Palitan ang pandiya sa pangkasalukuyang panahunan (**didn't buy**).

**C. Halimbawa: I DIDN'T BUY THREE ORANGES.**

He liked the food.   (Nagustuhan nya ang pagkain.)

He **didn't like** his food.

She made the cake.   (Siya ang gumawa ng keyk.)

She **didn't make** the cake.

I found a large dog.   (Nakanahap ako ng malaking aso.)

I **didn't find** a large dog.

**GAWAIN: Palitan ang mga sumusunod na pangungusap sa anyong patanong.**

1. My family liked to visit my grandmother.                  4. The dog ate all its food.  

---

  
2. She wanted to clean her house.                              5. My brother wrote a good book.  

---

  
3. Lisa had to go to Tegucigalpa.                            6. I understood the doctrine.  

---

#### **IV. Negatibong Anyong Patanong**

##### **A. Pangungusap : I DIDN'T BUY THREE ORANGES.**

##### **B. Sundin ang mga panuntunan:**

1. Ilagay ang negatibong pantulong (**didn't**) sa simula ng pangungusap.  
(Tandaan na ang pangunahing pantiwa (**buy**) ay nasa pangkasalukuyang panahunan.)
2. Lagyan ng tandang pananong “?” sa dulo ng pangungusap.

##### **C. Halimbawa: DIDN'T I BUY THREE ORANGES?**

He **didn't** sell the car. (Hindi niya pinabili ang sasakyan.)  
**Didn't** he sell the car?

She **didn't** know how to dance. (Hindi siya marunong sumayaw.)  
**Didn't** she know how to dance?

##### **PAGSASANAY: Palitan ang mga pangungusap sa negatibong anyong patanong.**

1. Mary didn't buy me a drink. 3. The teacher didn't erase the board.

2. Peter didn't look at them. 4. You didn't steal those notebooks.

##### **GAWAIN: Isalin sa Ingles ang mga sumusunod na pangungusap na nasa payak na pangnagdaang panahunan (past tense).**

##### **Regular na pantiwa:**

1. Binuksan ni John ang pinto. 6. Naaalala niya ako.

2. Nabuhay ang lolo ko ng maraming taon. 7. Natutunan niya ang mga pantiwa.

3. Umalis ang aking pamangkin ng maaga. 8. Sinundan ako ng manok.

4. Tumalon ang aso. 9. Tinulungan ako ng aking tiyo.

5. Nagsayaw ng mahusay ang dalagang babae. 10. Tinignan ako ng doktor.

## LESSON 9: TAMBALANG PERPEKTO SA PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN (COMPOUND PRESENT PERFECT TENSE)

### I. Ang tambalang perpekto sa pangkasalukuyan (present perfect).

Ito ay nabubuo gamit ang pantulong na pandiwang “to have” (na magkaroon) at ang pangnagdaang partisipulo. Ang mga pangnagdaang partisipulo sa Tagalog ay dinadagdagan ng: -in-, na-.

Halimbawa ng pangnagdaang partisipulo: tinapos, natapos, sinira, nasira, (to have finished: na magkaroon ng tapos)

#### A. Ang Pagbanghay ng pantulong na pandiwang “to have” (na magkaroon).

I have	We have
You have	You (all) have
He has *	They have
She has *	"
It has *	"

\* Ang tanging pagbabago lamang ay sa **pangatlong katauhang singular**.

#### B. May dalawang uri ng pandiwa sa pangnagdaang partisipulo(participles)

1. **Regular na pandiwa:** Dinadagdagan natin ng “d” sa huli ng pandiwa kapag ito ay nagtatapos sa “e”, kung hindi naman, dinadagdagan natin ng “ed” (katulad ng pangnagdaang panahunan).

<b>Halimbawa:</b> to close	closed	to learn:
learned		
to love	loved	to play:
to dare:	dared	to climb:
		played
		climbed

2. **Iregular na pandiwa:** Ito ay nabubuo sa pagpapalit ng pandiwa. Ang iba ay katulad din ng pangnagdaan at ang iba ay hindi magkatulad.

(NAPAKAHALAGA NA ISAULO ANG MGA ITO.)

<b>Halimbawa:</b> to be:	been	to bring:	brought
to go:	gone	to teach:	taught
to eat:	eaten	to say:	said
to come:	come	to catch:	caught

**PAALALA:** Upang mapag-aralan ang pangnagdaang partisipulo ng mga pandiwa, tignan ang listahan ng **irregular na pandiwa** sa pahina 48.

## II. Tambalang Perpekto sa Pangkasalukuyang Panahunan

(Compound Present Perfect Tense)

A. Pangungusap: **MARY GOES TO THE MEETING.**  
(Nagpunta si Mary sa meeting.)

B. Sundin ang mga alituntunin:

1. Hanapin ang anyo ng “**to have**” (**na magkaroon**) ayon sa simuno. Lahat nito ay gumagamit ng “**have**” maliban na lamang sa ikatlong katauhanng singular na gumagamit ng “**has**”.
2. Ilagay ang **pangnagdaang partisipulo ng pandiwa** pagkatapos ng pandiwang “**to have**”.  
**(has gone: ay nagpunta)**

C. Halimbawa: **MARY HAS GONE TO THE MEETING.**  
(Nagpunta si Mary sa meeting.)

They eat potatoes every day. **(Kumakain sila ng patatas araw-araw.)**  
They have eaten potatoes every day. **(Nakakain sila ng patatas araw-araw.)**

Elder Thomas goes to church. **(Nagpupunta si Elder Thomas sa simbahan.)**  
Elder Thomas has gone to church. **(Nakapunta si Elder Thomas sa simbahan.)**

I love my companion. **(Mahal ko ang aking kompanyon.)**  
I have loved my companion. **(Minahal ko ang aking kompanyon.)**

### PAGSASANAY: Isalin ang mga sumusunod na pangungusap sa Ingles.

1. Nagawa natin ang ating gawain. 4. Nasagot ko ang mga tanong.

---

2. Naglaro ang mga bat ng futbol. 5. Nakipaglaban ang mga sundalo.

---

3. Naniwala ako palagi kay Kristo. 6. They have spent the money.

---

## III. Anyong Patanong

A. Pangungusap: **MARY HAS GONE TO THE MEETING.**

B. Sundin ang mga panuntunan:

1. Hanapin ang pantulong na pandiwang (**has**) at ilagay ito sa simula ng pangungusap.
2. Lagyan ng tandang pananong “?” sa dulo ng pangungusap.

C. Halimbawa: **HAS MARY GONE TO THE MEETING?**  
(Nagpunta ba si Maria sa pagpupulong?)

## LESSON 10: TAMBALANG PERPEKTO SA PANGNAGDAANG PANAHUNAN (COMPOUND PAST PERFECT TENSE)

### I. Tambalang Perpekto sa Pangnagdaan (past perfect)

- A. Upang makabuo ng salitang nasa anyo ng perpektong nakalipas (perfect past tense), gumamit ng pantulong na pandiwang “**to have**” (“na magkaroon”) sa anyo ng pangnagdaang pandiwang **had** (“ay”) at ang pangnagdaang pandiwang “**had finished**” (“ay natapos na”).

**Ang banghay ng pantulong na pandiwang “to have” (“magkaroon”) sa anyong pangnagdaan ay laging “ay”.**

(I had, You had, \*He had, \*She had, \*It had, We had, They had).

\*Walang pagbabago para sa ikatlong katauhan sa anyong pang-isahan.

1. **Ang paggamit ng mga pangnagdaang partisipulo ay magkatulad sa lahat ng mga anyo ng salita.**

### B. Pangungusap: YOU HAVE BEEN A MISSIONARY.

(IKAW AY NAGING ISANG MISYONERO.)

#### C. Sundin ang mga panuntunan:

1. Hanapin ang anyo ng “**to have**” (“na magkaroon”) at palitan ito sa pangnagdaang anyong “**had**” (“ay”).
